# Programang Recovery Action Fund for Tomorrow (RAFT)

## Mga Tinatanggap na Dokumento

Jewish Family Service

LIVE WELL SAN DIEGO

Ang RAFT ay isang one-time na programa sa pag-transfer ng cash na binuo ng Jewish Family Services (JFS), na pinopondohan sa pakikipagtulungan ng County ng San Diego. Binibigyan nito ang mga pamilya at/o mas nakakatandang nasa hustong gulang (55+) ng walang kondisyon at hindi pinaghihigpitang pondo na nagkakahalaga ng $4,000 para magamit para sa kanilang mga pinakapang-agarang pangangailangan.

Kung mayroon kang bank account, Venmo/PayPal account, o platform para sa gig na trabaho kung saan ka nag-iipon ng kita, ive-verify namin ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng isang online na platform. Sa ganitong sitwasyon, malaki ang posibilidad na hindi mo na kailanganing magbigay ng karagdagang dokumentasyon. Kung natatanggap mo ang iyong kita sa pamamagitan lang ng cash o tseke, at wala ka ng alinman sa mga account na ito, kakailanganin naming manual na i-verify ang iyong impormasyon. Sa ganitong sitwasyon, pakitingnan ang mga tinatanggap na dokumento sa ibaba na kakailanganin mong ibigay para ma-verify ang iyong pagiging kwalipikado para sa programa. Kung hindi mo maibibigay ang impormasyon sa ibaba para ma-verify namin ang pagiging kwalipikado mo, pakisaad ito sa online na aplikasyon at may miyembro ng team ng JFS na tutulong sa mga susunod na hakbang. Salamat.

### Patunay ng Pagkakakilanlan:

**Nakalista rito ang mga pinipiling anyo ng photo ID na ibinigay ng pamahalaan na tinatanggap namin:**

- Lisensya sa pagmamaneho
- State ID
- Pasaporte sa US
- Pasaporteng Hindi Galing sa United States
- ID sa Militar
- Green Card
- Sertipikasyon ng naturalisasyon (form N-550 o N-570)
- Sertipiko ng pagkamamamayan (form N-560 o N-561)
- Permanent resident card (1-551)
- Native American tribal photo ID
- Consular ID Card
- (Foreign) ID Card ng Botante
- Awtorisasyon sa Pagtatrabaho sa US
- Learner's Permit
- Lisensya sa Pagmamaneho ng Pansamantalang Bisita
- Iba pang photo ID na ibinigay ng pamahalaan

**O di kaya, dalawa sa mga dokumentong ito:**

- Sertipiko ng kapanganakan
- Card ng insurance sa kalusugan/card ng reseta (na may DOB)
- Card ng insurance (na may DOB)
- Identification card sa trabaho (na may DOB)
- ID card ng Botante
- Pagpaparehistro ng sasakyan na may pangalan at address
- Mga opisyal na rekord ng pagpapa-enroll sa paaralan
- Mga rekord ng pag-ampon
- Rekord ng policy sa life insurance
- Sertipiko ng binyag o iba pang sertipiko sa relihiyon (na may DOB)
- Mga certified na rekord sa ospital (na may DOB)
- Form I-94
- DHS Form I-220A

## Kita ng Sambahayan:

*Ang kita ng iyong sambahayan ay dapat na nasa o mas mababa sa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL) para maging kwalipikado ka sa programang ito.*

**Kabilang sa mga pinipiling dokumento para sa pag-verify na ang kita ng iyong sambahayan ay nasa o mas mababa sa threshold para sa pagiging kwalipikado sa programang ito ang mga sumusunod:**

- Tax return o resibo na may address ng tirahan mula 2021 o 2022 na taon ng buwis (Form 1040, Schedule C, o iba pang naihain na form ng buwis)
- Mga Dokumento ng Social Security: Taunang Pahayag ng Benepisyo o isang bank statement na nagpapakita ng direktang deposito mula sa Supplemental Security Income ("SSI"), Social Security Disability Insurance "(SSDI")
- Sulat ng pagpapatala o sulat ng kumpirmasyon ng pagiging kwalipikado mula sa alinman sa mga sumusunod na programa:

  a) Supplemental Nutrition Assistance Program ("SNAP") o CalFresh – na may petsang nasa loob ng huling 12 buwan pagkatapos ng aplikasyon.

  b) Temporary Assistance for Needy Families ("TANF") o CalWORKs – na may petsang nasa loob ng huling 12 buwan pagkatapos ng aplikasyon.

  c) Women, Infants, and Children ("WIC") – na may petsang nasa loob ng huling 12 buwan pagkatapos ng aplikasyon.

  O

  d) isang kopya ng Electronic Benefits Transfer (EBT) Card, Medi-Cal Card, o WIC Card
- Tumatanggap din kami ng mga dokumento ng suweldo mula 2021 o 2022 para sa lahat ng nasa hustong gulang sa sambahayan na may kitang:

  W2 o 1099 form
- (Mga) sulat kaugnay ng kawalan ng trabaho na may petsang nasa loob ng 12 buwan pagkatapos ng aplikasyon.

## Patunay ng Paninirahan:

Sa ilang sitwasyon, posibleng hingan ka namin ng mga dokumento para ma-verify namin kung saan ka nakatira.

**Nakalista rito ang mga pinipiling form ng dokumentasyon ng paninirahan na tinatanggap namin:**

- Kasalukuyang (valid/hindi pa nag-expire) photo ID na bigay ng pamahalaan na may address ng tirahan.
- Bayarin sa utility, bayarin sa landline phone, bayarin sa internet, o bayarin sa cable na nakapangalan sa aplikante mula sa huling 90 araw na may address ng serbisyo
- Mga dokumento para sa mortgage o lease na may address ng tirahan, na nagsasaad ng kasalukuyang paninirahan.
- Titulo ng bahay na may kumpletong address at pangalan ng indibidwal
- Certified na rekord sa paaralan para sa kasalukuyang taon na nagve-verify sa pagpapa-enroll ng mga bata at sa address ng tirahan.
- Hindi pa nag-e-expire na insurance sa pagrerenta na may address na naka-insure
- Hindi pa nag-e-expire na pagpaparehistro ng sasakyan na mat address ng tirahan

**Kabilang sa iba pang tinatanggap na dokumento ang:**

- Tax return o resibo na may address ng tirahan mula 2021 o 2022 na taon ng buwis (Form 1040, Schedule C, o iba pang naihain na form ng buwis)
- Dokumento/sulat ng kumpirmasyon ng mga benepisyo ng pamahalaan na may petsang nasa loob ng huling 12 buwan (hal. sulat ng kumpirmasyon ng mga benepisyo para sa Supplemental Nutrition Assistance Program ("SNAP") O isang kopya ng Mga Benepisyo ng EBT, MassHealth Card, o WIC Card)
- Bayarin sa buwis ng ari-arian na may address ng tirahan, na nagsasaad ng kasalukuyang paninirahan.
- Sulat mula sa isang opisyal na third-party na pangnegosyo/komersyal na enterprise na may address ng tirahan, na ipinadala ng U.S. Post Office sa loob ng huling 90 araw

**Kung Nanganganib kang Mawalan ng Tirahan, paki-upload ang sumusunod na dokumentasyon:**

- Abiso ng mga nahuling pagbabayad ng renta para sa dalawa o higit pang buwan sa loob ng nakalipas na taon
- Isang naihain na abiso sa pagpapaalis
- Nakasulat na abiso ng intensyon sa pagpapaalis o pagbabanta ng may-ari o tagapamahala ng ari-arian sa pagpapaalis anumang oras sa loob ng huling tatlong buwan dahil sa hindi pagbabayad ng renta
- Patunay ng pagtira sa isang hotel o motel

Kung hindi mo maibibigay ang mga dokumento sa itaas, tatanggap din kami ng sulat ng suporta mula sa isang kilalang organisasyon o ahensya sa komunidad na nagsasaad na wala kang bahay. Dapat kasama sa sulat na ito ang direktang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro ng staff sa organisasyong iyon at dapat mayroon itong letterhead ng organisasyon. Kakaugnayin ng Team ng JFS ang iyong nakalistang contact para sa pag-verify.

**Kung nag-aalaga ka ng isang Dependent o May Kapansanang Nasa Hustong Gulang, paki-upload ang sumusunod na dokumentasyon:**

- Tax return na nagsasaad na naghain ka para sa Credit para sa Pangangalaga ng Bata at Dependent
- Resibo ng Paid Family Leave para sa Mga Tagapag-alaga

Jewish Family Service

LIVE WELL SAN DIEGO